Bagong publikasyon

# Pag-streamline ng pagsusuri ng nursing

Pebrero 15, 2023

---

Ang gobyerno ng Alberta ay naglulunsad ng isang bagong pilotong proyekto upang lumikha ng isang mas mahusay na sistema ng pagsusuri para sa mga nars na darating sa Alberta na may edukasyon sa ibang bansa. Ang Alberta ang may pinakamahusay na front-line na mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan sa mundo, at ang gobyerno ay magsisikap na magkaroon ng mga tamang suporta para matiyak na makukuha ng mga Albertan ang pangangalaga na kinakailangan nila, kung kailan at saan nila ito kailangan. Sa pamamagitan ng pagpapabuti ng mga proseso para sa mga internasyonal na edukadong nars na sumali bilang mangagawa ng Alberta, makakatulong ang pamahalaan na matiyak na mananatiling matatag ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng lalawigan, ngayon at sa hinaharap.

“Sa pamamagitan ng piloto na ito, pina-streamline namin ang pagsusuri ng nursing para matukoy ng mga nars na edukado sa ibang bansa ang kanilang pinakamahusay na landas pasulong sa merkado ng trabado at sistema ng pangangalaga sa kalusugan ng Alberta.”
*Kaycee Madu, Ministro ng Dalubhasa sa pangangalakal at mga propesyon (Minister of Skilled Trades and Professions)*

“Nakatuon kami sa pag-alis ng mga hadlang para sa mga internasyonal na edukadong nars na gustong magtrabaho at manirahan sa Alberta. Sa pamamagitan ng pag-streamline ng proseso, ang mga nars ay maaaring magsimulang magsanay nang mas maaga at maaari naming ipagpatuloy ang pagpapalakas ng manggagawa sa pangangalang pangkalusugan na nagbibigay ng suporta sa mga Albertan kung kailan at saan nila ito kailangan.”
*Jason Copping, Ministro ng Kalusugan (Minister of Health*)

Sa pamamagitan ng $200,000 na grant, ang “triple track” pilotong proyekto ng pagsusuri ay magtatatag ng pasilidad ng pagsusuri sa Alberta para sa mga nars na edukado sa ibang bansa at pahihintulutan silang mag-aplay sa Kolehiyo ng mga Rehistradong Nurse ng Alberta, sa halip na maglakbay sila sa British Columbia upang masuri ang kanilang mga kasanayan.

Classification: Public

Susuriin ng programa ang mga kasanayan at kakayahan ng mga nars na nag-aral sa ibang bansa at itugma ang mga ito sa isa sa tatlong katergorya ng occupational nursing ng Alberta: rehistradong nars, lisensyadong praktikal na nars at health-care aide. Makakatulong ito sa pag-papahusay ng proseso ng kredensyal at bawasan ang mga oras ng paghihintay para sa mga nars na may edukasyon sa ibang bansa na gustong sumali bilang manggagawa ng Alberta.

“Sinusuportahan at tinatanggap ng Kolehiyo ng mga Rehistradong Nars ng Alberta ang mga makabagong pamumuhunan sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng Alberta upang mapadali, gawing moderno at pahusayin ang kasalukuyang mga landas para sa mga nars na may edukasyong internasyonal na pumupunta sa lalawigang ito.”
*Joy Peacock, punong opisyal ng tagapagpaganap at registro, Kolehiyo at Samahan ng mga Rehistradong Nurse ng Alberta (chief executive officer and registrar, College and Association of Registered Nurses of Alberta)*

“Ang Kolehiyo ng Licensed Praktikal Nurse ng Alberta ay nakatuon sa pagsuporta sa mga internasyonal na edukadong nars sa kanilang paglalakbay sa nursing. Ang pagtatatag ng isang sentro ng pagsusuri sa Alberta ay nagbibigay ng pagkakataon para sa aplikante na ipakita ang kanilang mga kasanayan at kaalaman habang sinusuportahan ang pag-unawa sa kung paano nakaayon ang kanilang karanasan sa Alberta, na nagbibigay ng kapangyarihan sa mga nars na piliin ang landas na pinakamainam para sa kanila.”
*Jeanne Weis, registro at punong opisyal ng tagapagpaganap, Kolehiyo ng Licensed Praktikal Nurse ng Alberta (registrar and chief executive officer, College of Licensed Practical Nurses of Alberta)*

Ang lugar ng pagsusuri ng Alberta gamit ang bagong modelo ay inaasahang magbubukas sa taglagas ng 2023.

**Mga mabilisang kaalaman**

- Ang bagong modelo ng pagsusuri na nakabatay sa kakayahan ay mag-streamline ng pagsusuri ng kakayahan para sa mga naghahanap na magtrabaho sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan. Hindi ito kapalit para sa modelo ng pagsusuri ng kredensyal, na mananatiling magagamit.
- Ang “triple-track” na pagsusuri ay isang piloting proyekto sa pagitan ng Kolehiyo ng Rehistradong Nurse ng Alberta o College of Registered Nurses of Alberta, Kolehiyo ng Licenses Praktikal Nurse ng Alberta o College of Licenses Practical Nurses of Alberta at ng Nursing Community Assessment Service.

## Kaugnay na impormasyon

Plano ng Aksyon sa Pangangalagang Pangkalusugan

Kolehiyo ng mga Rehistradong Nars ng Alberta

Kolehiyo ng Licensed Praktikal Nurse ng Alberta

## Mga katanungan sa media

Nicky Gocuan

Nicky.Gocuan@gov.ab.ca

587-588-5952

Kalihim ng Pahayagan, Dalubhasa sa Pangangalakal at Propesyon ng Alberta (Press Secretary, Alberta Skilled Trades and Professions)